Noon ay hinuhugasan ko ang Maniy (isperma) mula sa damit ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- at kaagad siyang lumabas para magsalah (magdasal), at katotohanan ang nakakaibang kulay ng tubig ay nasa kanyang damit

Mula kay A'isha -kalugdan nawa siya ng Allah- ay nagsabi: ((Noon ay hinuhugasan ko ang Maniy (isperma) mula sa damit ng Propeta -Pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- at kaagad siyang lumabas para magsalah (magdasal), at katotohanan ang nakakaibang kulay ng tubig ay nasa kanyang damit)) At sa ibang salaysay: ((Kinukuskos ko ito mula sa damit ng Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ng isang kuskos, at nagdadasal siya rito)).

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Binabanggit ni Aieshah -malugod si Allah sa kanya- na Nadidikitan ang damit ng Sugo ni Allah -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ng Tamud (isperma) mula sa pakikipag-talik, minsan ito ay mabasa-basa at hinugusan niya ito sa damit niya ng tubig, at lumalabas siya upang magdasal na ang tubig ay hindi pa gaanong tuyo sa damit nito. At minsan ang tamud ay nagiging magaspang, at sa oras na yaon ay kinukuskos niya ito sa damit niya ng isang kuskos at nagdarasal siya rito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3388